ETCOR
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
SEC Registration No.: 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

# Analisis sa mungkahing glosaryo ng mga terminolohiyang ginamit sa Transport Network Vehicle Service

Olive S. Calilong
Polytechnic University of the Philippines- Graduate School, Sta. Mesa Manila, Philippines
Corresponding Author email: *olivecalilong@gmail.com*

**Received**: 10 December 2025 **Revised**: 12 January 2026 **Accepted**: 14 January 2026

**Available Online**: 16 January 2026

**Volume V (2026), Issue 1, P-ISSN – 2984-7567; E-ISSN - 2945-3577**

**https://doi.org/10.63498/etcor532**

***Abstrak***
**Layunin:** Nilalayon ng pag-aaral na ito na suriin at suriin ang mungkahing glosaryo (*glossary)* ng mga terminolohiyang ginagamit sa Transport Network Vehicle Service (TNVS) upang matukoy ang antas ng katanggapan at gamit ng mga ito, at upang makatulong sa patuloy na intelektuwalisasyon (*intellectualization of language)* ng wikang Filipino sa larangan ng teknolohiya at transportasyon.
**Metodolohiya:** Gumamit ang pananaliksik ng deskriptibong kwalitatibong disenyo na nakatuon sa pagsusuri ng mga tekstuwal na sanggunian at opisyal na dokumento mula sa iba't ibang TNVS platform. Isinailalim ang mga nakalap na terminolohiya sa pagsusuri gamit ang Tagalog Database Corpus Tool (TDC Corpus Tool) upang maberipika ang dalas ng paggamit, konteksto, at antas ng katanggapan (*acceptability)* ng mga termino sa wikang Filipino.
**Natuklasan:** Ipinakita ng mga resulta na ang TNVS ay gumagamit ng mga terminolohiyang teknikal na malaki ang impluwensiya ng teknolohiya at digital platform economy. Natuklasan din ang pagkakaiba-iba sa pag-unawa at paggamit ng mga terminolohiyang ito sa hanay ng mga drayber, pasahero, at regulator, na nagiging sanhi ng kalituhan sa komunikasyon at implementasyon ng mga patakaran. Ang nabuong mungkahing glosaryo ay nakatulong sa paglilinaw ng mga konseptong kaugnay ng TNVS at sa pagpapabuti ng pagkakaunawaan sa industriya.
**Konklusyon:** Ipinakikita ng pag-aaral na ang pagbuo ng isang sistematiko at kontekstuwalisadong glosaryo ng TNVS ay mahalagang hakbang sa pagpapalakas ng komunikasyon, regulasyon, at serbisyo sa sektor ng transportasyon. Nagbibigay ito ng ambag sa akademikong diskurso sa leksikograpiya at nagsisilbing praktikal na sanggunian para sa mga developer, policy maker, at gumagamit ng TNVS sa Pilipinas.
***Susing Salita:*** *glosaryo, TNVS, terminolohiya, leksikograpiya, Tagalog Database Corpus Tool, intelektuwalisasyon*

## INTRODUKSYON

Sa patuloy na pag-unlad ng teknolohiya at digital na ekonomiya, nagbunsod ng radikal na pagbabago sa estruktura ng pandaigdigang transportasyon. Sentro ng pagbabagong-anyo nito ang pag-usbong ng Transport Network Vehicle Service (TNVS), isang teknolohikal na penomeno na hindi lamang muling humubog sa mobilidad ng mga tao kundi nagluwal din ng isang bagong lingguwistiko. Tinatawag na revolutionary ng mga eksperto ang ideyang TNVS o Transport Network Companies (TNC) ng magkaibigang sina Garret Camp at Travis Kallanick na mula sa San Francisco, California sa Amerika (Briones, 2017). Sa buong mundo, ang pagsikat ng mga platapormang tulad ng Uber at Lyft ay nagpakilala ng mga konsepto ng *ride-hailing, dynamic pricing,* at *gig economy,* mga terminong naging bahagi na ng pang-araw-araw na diskurso. Ang penomenong ito ay itinuturing na "disruptive innovation", kung saan ang tradisyunal na sistema ay pinalitan ng mga algorithm-based na transaksyon, na nagresulta sa pangangailangan para sa isang istandardisadong bokabularyo upang mapadali ang ugnayan sa pagitan ng teknolohiya at ng tao.

Sa konteksto ng Pilipinas, ang pagpasok ng TNVS ay hindi lamang isang simple at pag-aangkop ng dayuhang sistema bagkus isang masalimuot na integrasyon sa lokal na kultura ng transportasyon. Mula nang pormal na kilalanin ng pamahalaan ang mga TNC noong 2015, ang Pilipinas ay naging isang dinamikong laboratoryo ng mga pandaigdigang kasanayan (global practices) na hinaluan ng lokal na sensibilidad. Ang mga terminong gaya ng "surge", booking", at "pick-up point" ay pumasok sa bokabularyo ng mga Pilipinong komyuter, habang ang mga lokal na salita gaya ng "kolorum" at "pila" ay muling nabigyang-kahulugan sa loob ng digital na espasyo. Ang



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
SEC Registration No.: 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

impluwensiyang ito ay lumikha ng isang natatanging kapaligiran kung saan ang teknolohikal na usapin ay kakambal ng lingguwistikong ebolusyon.

Gayunpaman, sa kabila ng malawakang paggamit ng TNVS, kapansin-pansin ang kakulangan sa isang komprehensibo at istandardisadong glosaryo na nagsasalin at nagpapaliwanag sa mga teknikal na terminolohiyang ito sa paraang mauunawaan ng mga drayber, operator, at komyuter. Ang kalituhan sa mga terminolohiya ay madalas na nagbubunga ng hindi pagkakaunawan sa pagitan ng mga gumagamit at ng mga regulator tulad ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB). Ang isang leksikograpiya at corpus-based na pag-aaral sa TNVS sa Pilipinas ay nananatiling birhen na larangan dahil sa disiplinal na paghihiwalay. Ang pag-aaral ng transportasyon ay tradisyunal na nasa ilalaim ng *Engineering* at *Social Sciences,* samantalang ang Leksikograpiya ay nasa Linggwistika. Ang kakulangan ng interdisiplinaryong pag-aaral ang dahilan kung bakit hindi pa ito natutuklasan (Tiglao et al., 2025). Dahil dito, mahalagang suriin ang mga salitang nabuo at ginagamit sa industriya upang matiyak ang episyenteng paghahatid ng impormasyon.

Ngunit sa pag-aaral na ito, ang TDC Corpus Tool ang nagsilbing matibay na pundasyon ng ebidensya. Hindi lamang ito hula-hula. Ginamit ang corpus tool upang makita ang dalas ng paggamit (frequency) at konteksto (concordance) ng mga salita gaya ng "pin", "surge" o "rebook" sa aktuwal na usapan ng mga drayber at komyuter. Pinatutunayan ng tool na ang mga terminong ito ay bahagi na ng buhay na wika (living language) at hindi lamang mga teknikal na salitang hiram na walang gumagamit.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong ginawa ang isang kritikal na analisis sa mungkahing glosaryo ng mga terminolohiyang ginagamit sa sektor ng TNVS sa Pilipinas. Sinuri sa pananaliksik na ito kung paano sumasalamin ang mga terminong ito sa pandaigdigang pamantayan at kung paano sila nag-a-adapt sa sosyo-kultural na aspeto ng bansa. Sa pamamagitan ng pagbuo ng isang sistematikong glosaryo, layon ng pananaliksik na mag-ambag sa literaturang pangtransportasyon at lingguwistika, habang nagsisilbing gabay sa mas malinaw na polisiya at operasyon ng modernong transportasyon sa bansa.

**Rebyu ng mga Kaugnay na Literatura**

**Pag-usbong ng Transport Network Vehicle Service sa Pilipinas**

Maraming Pilipino ang may negatibong pananaw pagdating sa mga pampublikong sasakyang pang-utility dahil sa mapanganib na pagmamaneho ng ilang drayber, kahit na ito ang pinakamurang paraan ng transportasyon sa lipunan (Tribdino, 2016). Ang pag-usbong ng TNVS ay nagdulot ng malaking pagbabago sa urban mobility lalo na sa Metro Manila, Cebu at Davao.

Pinagtitibay nina Feng at Jantarakolica (2023) na ang mataas na kalidad ng serbisyo ay mahalaga para masiguro ang katapatan ng kustomer sa mga serbisyong nakabatay sa teknolohiya, kabilang ang ride-hailing. Binigyang-diin nina Sukmadewi et al. (2023) na ang aktwal na paggamit ng isang apps ay mahalaga para sa patuloy na pakikipag-ugnayan sa TNVS.

**Ang Transport Network Vehicle Service sa Asya**

Sa pagpasok sa merkado ng Timog-Silangang Asya, gumamit ang Grab ng komprehensibong pamamaraan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng malalimang pananaliksik at pagsusuri sa merkado upang maunawaan ang mga natatanging pangangailangan ng bawat bansa at rehiyon. Ang masusing pamamaraang ito ay nagbigay-daan sa Grab na iayon ang mga serbisyo nito nang tumpak upang matugunan ang mga lokal na pangangailangan, sa gayon ay nagkakaroon ng kalamangan sa kompetisyon laban sa mga karibal nito (Wang, 2024).

Bagaman malaki ang naitulong ng TNVS sa modernisasyon ng transportasyon sa Asya, nananatiling hamon ang balanse sa pagitan ng inobasyon at regulasyon. Ayon sa mga pag-aaral sa Singapore at Malaysia, ang pag-usbong ng 'super-apps' ay nagpabago sa depinisyon ng urban mobility, ngunit nagdulot din ito ng tension sa tradisyunal na sektor ng transportasyon (Swamy, 2023).

**Mga Proyektong Glosaryo sa Pangtransportasyon sa Pilipinas**

May mga proyekto at inisyatibo na nakatuon sa paglikha ng mga glosaryo at iba pang kaugnay na dokumento para sa sektor ng transportasyon. Ang mga ganitong proyekto ay tumutulong sa istandardisasyon ng mga termino upang mapadali ang komunikasyon, pagpaplano, at pagpapatupad ng mga programa sa transportasyon. Mayroong glosaryo ng pampublikong transportasyon ang Metropolitan Manila Development Authority (MMDA). Layunin ng nasabing ahensya na magbigay ng malinaw na depinisyon ng mga salitang ginagamit sa pamamahala ng trapiko at pampublikong transportasyon sa Metro Manila.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
SEC Registration No.: 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

May mga unibersidad tulad ng UP National Center for Transportation Studied (UP NCTS) at Polytechnic University of the Philippines (PUP) ay mga akademikong inisyatibo para sa wika ng transportasyon. Ang layunin ay bumuo ng mga multilinggwal na glosaryo para sa transportasyon sa mga wikang Filipino, Ingles at iba pang wika sa bansa.

Ang mga proyektong glosaryo para sa transportasyon sa Pilipinas ay bahagi ng pagpapabuti sa komunikasyon, edukasyon, at implementasyon ng mga programang may kinalaman sa transportasyon. Ang mga ito ay mahalaga upang maiwasan ang hindi pagkakaintindihan at matiyak ang maayos na operasyon ng sistema ng transportasyon sa buong bansa.

**Mga Proyektong Glosaryo sa Pangtransportasyon sa Asya / Mundo**

Sa buong Asya, may iba't ibang inisyatibo at proyekto na naglalayong bumuo ng mga glosaryo para sa sektor ng transportasyon. Ang mga proyektong ito ay mahalaga sa pagpapabuti ng komunikasyon, istandardisasyon, at integrasyon ng mga sistema ng transportasyon sa rehiyon.

Isa ang Singapore's Integrated Transport Glossary na tumutukoy at ginagawang pamantayan ang mga teknikal na termino para sa pinagsamang mga sistema ng transportasyon sa bansa. Saklaw nito ang mga termino para sa Mass Rapid Transit (MRT), autonomous shuttles, at contactless payment systems. Isa sa naging awtput nila ay ang interaktibong online glossary na ginagamit ng gobyerno, pribadong sektor, at akademya (Swamy, 2023).

Sa bansang Japan mayroon silang Japan's Smart Transport Terminology Project na ang pangunahing layunin ay bumuo ng istandardisadong glosaryo para sa pagsulong ng teknolohiya sa transportasyon tulad ng autonomous vehicles, smart roads, at intelligent transport systems. Ang ahensyang namamahala nito ay ang Ministry of Land, Infrastructure, Transport and Tourism (MLIT) ng Japan. Isa sa magiging layon ng proyekto ay ang glosaryo na magbabahagi ng mas malaking plano para sa pagpapalaganap ng teknolohiyang "Society 5.0." (Ryu & Lim, 2023).

**Mga Aplikasyon sa Pagbuo ng Leksikograpiya**

Sa gitna ng modernisasyon at mabilis na pag-unlad ng teknolohiya, nangangailangan para sa dokumentasyon ng mga bagong terminolohiya sa wikang Filipino. Isa sa mga epektibong paraan upang maisakatuparan ito ay sa pamamagitan ng pagbuo ng glosaryo.

Ayon kay San Juan (2012), ang paggawa ng glosaryo ay isang pananaliksik na layuning makabuo ng isang listahan ng mga piling salita o termino na may kasamang malinaw at angkop na depinisyon para sa target na mambabasa, tulad ng mga drayber at pasahero. May mga hakbang sa paggawa ng glosaryo ayon sa kanyang pag-aaral. Sa mga nakalap na kaugnay na literatura at pag-aaral, natalakay ang papel na ginagampanan ng wika sa mundo ng TNVS. Maraming kinokonsidera sa pagbuo ng isang glosaryo. Ginagamit ang TDC Corpus Tool upang makahanap ng mga halimbawa kung paano ginagamit ang mga salitang Tagalog sa mga mapagkukunan nito.

Sa kabuuan, isinusulong ni San Juan ang paggamit ng glosaryo, hindi lamang bilang listahan ng salita, kundi bilang ambag sa pagpapalallim ng diskurso sa wikang Filipino. Kaya naman ang pagbubuo ng glosaryo sa larangan ng TNVS ay hindi lamang akademikong proyekto, kundi isang hakbang tungo sa pagpapalakas ng pambansang identidad sa pamamagitan ng wika.

**Sintesis**

Ipinakita ng mga naunang pag-aaral na malaki ang papel ng TNVS sa modernong sistemang pangtransportasyon, partikular sa konteksto ng digital platforms at urban mobility. Nananatiling limitado ang pagsusuri sa wikang ginagamit sa mismong digital na interaksyon ng mga drayber at pasahero. Bagamat may ilang pananaliksik hinggil sa terminolohiyang teknikal at digital discourse, karamihan sa mga ito ay hindi nakatuon sa TNVS bilang espesipikong larangan at lalong hindi gumagamit ng corpus-based na metodolohiya sa wikang Filipino. Ipinakita rin ng literatura sa leksikograpiya na ang epektibong glosaryo ay dapat nakabatay sa aktuwal na paggamit ng wika, subalit walang sapat na pag-aaral na nagsusuri sa mga terminolohiyang TNVS batay sa empirikal corpus data sa lokal na konteksto.

Dahil dito, lumilitaw ang malinaw na kakulangan sa pananaliksik dahil sa kawalan ng isang sistematikong corpus-based at leksikograpikong pagsusuri ng mga terminolohiyang ginagamit sa TNVS sa Pilipinas. Tinutugunan ng kasalukuyang pag-aaral ang kakulangang ito sa pamamagitan ng paggamit ng TDC Corpus Tool upang matukoy, masuri at mairanggo ang katanggapan ng mga terminolohiyang TNVS na magsisilbing batayan sa pagbuo ng mungkahing glosaryo sa wikang Filipino. Sa ganitong paraan, direktang iniuugnay ng pag-aaral ang mga natuklasan sa literatura sa isang kongkretong ambag sa wika, teknolohiya, at transportasyon.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
SEC Registration No.: 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**Teoretikal na Balangkas**

Sa pagpapanatili ng kaayusan ng mga terminolohiya, ginamit ang Leksikograpiyang Teoritikal nina Hartmann at James (1998) na nakatuon sa mga prinsipyo, estruktura, at proseso ng sistematikong pagsasaayos ng mga salita sa diksyonaryo o glosaryo. Siniguro ng mananaliksik na wasto ang pag-uuri, pagbibigay kahulugan at pagtatala ng mga salita o termino batay sa kanilang gamit, pinagmulan at kontekstong pinanggagamitan.


Ayon kay Hartmann (2016), may tatlong pangunahing sangguniang leksikograpikal: ang diskyunaryo, tesauro at ang ensayklopedya. Ayon sa Dictionary of Lexicography, ang diksyunaryo ang pinakakaraniwang sangguniang leksikograpikal na binubuo ng makro at mikrostruktura. Sa simpleng pagpapahayag, ang makrostruktura ay tumutukoy sa panimula at iba pang preliminaryong bahagi ng diksyunaryo, mga salitang lahok o entri at mga apendiks at iba pang bahagi pagkatapos ng mga salitang lahok. Samantala ang mikrostruktura naman ay tumutukoy sa deskripsyon o depinisyon ng mga salitang lahok.

Sa huli, gamit ang TDC Corpus Tool, upang malaman ang dalas at gamit ng mga piling terminolohiya ng TNVS. Ginamit ito upang mahanap ang mga salita sa aktwal na mga teksto. Tinukoy at tinipon ang mga terminolohiya na may kaugnay sa TNVS upang matiyak na ang mga kahulugan sa glosaryo ay tumpak at sumasalamin sa karaniwang paggamit ng mga termino.

**Konseptwal Balangkas**

Lubhang napakalaki ng gampanin na itinakda sa isinagawang pag-aaral kaya't ito ay nagsilbing giya ng mananaliksik upang ilapat ang balangkas konseptwal na nararapat isakatuparan. Ipinakita ang ugnayan ng mga piling salik na pinagmumulan ng mga termino, ang paraan ng pangangalap at pagsusuri ng mga datos, at ang inaasahang kinalabasan ng pag-aaral.

Nilalayon nitong magsilbing gabay sa sistematikong pag-unawa sa mga terminolohiyang kaugnay ng TNVS at makatulong sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga pasahero, drayber, operator at mananaliksik hinggil sa makabagong transportasyon.




Pigura 1: Pag-aaral na nakabatay sa Teoretikal na Leksikograpiya

Ang balangkas konseptwal na ito ay nagpapakita kung paano kikilalanin at pinili ang mga termino ng TNVS upang uriin at bigyang linaw ang kahulugan upang isumite gamit ang TDC Corpus Tool. Masusing nirebisa at nagkaroon ng ebalwasyon ang nilalaman upang makabuo ng isang glosaryo na tutulong sa mga pasahero, drayber, operator at mananaliksik na may kinalaman sa transportasyon.

**Paglalahad ng Suliranin**

Sa patuloy na digitalisasyon at pag-usbong ng Transport Network Vehicle Service (TNVS) sa Pilipinas, naging bahagi na ng pang-araw-araw na pamumuhay ng maraming Pilipino ang paggamit ng mga mobile application para sa transportasyon. Ang mabilis na paglaganap ng mga platform tulad ng Grab, JoyRide, at iba pa ay nagbunsod ng paglitaw ng maraming terminolohiyang teknikal na kadalasang hango sa wikang Ingles at sa digital platform economy. Ang mga terminong ito ay hindi palaging malinaw at pare-pareho ang kahulugan para sa mga pasahero, drayber, at operator ng TNVS.

Sa kabila ng malawakang paggamit ng TNVS, kapansin-pansin ang kakulangan ng isang sistematiko at kontekstuwalisadong glosaryo ng mga terminolohiyang ginagamit sa sektor na ito sa wikang Filipino. Ang kawalan ng pamantayang depinisyon at lokal na beripikasyon ng mga termino ay nagdudulot ng kalituhan sa komunikasyon,


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
SEC Registration No.: 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

interpretasyon ng mga patakaran, at implementasyon ng mga serbisyong may kinalaman sa transportasyon. Sa konteksto ng lumalawak na gig economy at patuloy na pagtaas ng bilang ng mga gumagamit ng TNVS sa bansa (Porras, 2023), nagiging mas mahalaga ang pagkakaroon ng malinaw, katanggap-tanggap, at akademikong batayang terminolohiya.

Bunga nito, naging mahalaga ang pagsasagawa ng pananaliksik na ito na nakatuon sa pagsusuri at pagbuo ng mungkahing glosaryo ng mga terminolohiyang ginagamit sa Transport Network Vehicle Service. Nilalayon ng pag-aaral na tugunan ang umiiral na puwang sa pananaliksik sa larangan ng leksikograpiya at intelektuwalisasyon ng wikang Filipino, partikular sa konteksto ng makabagong transportasyon at teknolohiya.

**Mga Layunin ng Pananaliksik**

**Pangkalahatang Layunin**

Layunin ng pag-aaral na suriin at bigyang-kahulugan ang mga terminolohiyang ginagamit sa Transport Network Vehicle Service batay sa kanilang gamit, pinagmulan, at kontekstong pinaggagamitan sa wikang Filipino.

**Mga Tiyak na Layunin**

1. Tukuyin ang pinagmulan, kahulugan, at anyo ng mga terminolohiyang ginagamit sa TNVS.
2. Suriin ang antas ng katanggapan ng mga nakalap na terminolohiya sa wikang Filipino gamit ang Tagalog Database Corpus Tool.
3. Makabuo ng isang mungkahing pamantayan para sa mga teknikal na terminolohiyang TNVS na maaaring gamitin ng mga pasahero, drayber, at operator.

**Mga Tanong Pananaliksik**

1. Ano-anong mga terminolohiya at kahulugan ang ginagamit sa Transport Network Vehicle Service batay sa pangangailangan ng mga drayber at pasahero?
2. Alin sa mga terminolohiyang nakalap ang katanggap-tanggap sa wikang Filipino batay sa pagsusuri gamit ang Tagalog Database Corpus Tool?
3. Ano-ano ang mga salik na nagiging dahilan ng katanggapan at hindi katanggapan ng mga terminolohiyang nakalap?
4. Ano ang mga implikasyon sa wikang Filipino ng mga terminolohiyang ginagamit sa Transport Network Vehicle Service?

**METODOLOHIYA**

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay ginamit ang deskriptibong kwalitatibong uri ng pananaliksik upang masusing masuri at mailarawan ang mga terminolohiyang ginagamit sa sistema ng TNVS. Ang disenyong ito ang pinakaangkop dahil nagbibigay ito ng espasyo para sa malalim na interpretasyon ng mga datos na makukuha mula sa TDC Corpus Tool. Ang korpus ay mga hilaw na datos na hinalaw sa isang teksto at binigyang susi o proseso upang maging ganap na datos sa pananaliksik bilang entradang salita ng glosaryo. Hindi nito sinusuri ang sanhi ngunit sa halip ay nagbibigay ng detalyadong impormasyon tungkol sa umiiral na mga kondisyon (Hassan, 2024). Sa halip na limitahan ang pag-aaral sa estatistikal na bilang, layunin ng disenyong ito na ipinta ang aktwal na sitwasyon ng wika sa intersekyon ng teknolohiya at transportasyon na magiging matibay na pundasyon sa pagbuo ng isang makabuluhan at kontekstuwalisadong glosaryo.

Binigyang-diin nina Creswell at Poth (2018) na ang kwalitatibong pananaliksik ay nakatuon sa pag-unawa sa kahulugang ibinibigay ng mga indibidwal o grupo sa isang panlipunang problema. Sa kasong ito, ang pagbibigay-kahulugan sa mga terminong TNVS ay isang proseso ng pag-unawa sa digital na kultura ng transportasyon sa Pilipinas.

**Pinagmumulan ng Datos**

Ang pag-aaral ay nakatuon sa mga clippings ng pahayagan, kontrata na nagmula sa internet, mga online na pinagmumulan, vertical files mula sa iba't ibang silid-aklatan, opisyal na rekord mula sa gobyerno at kumpanya ng TNVS, at ang mga teknikal na termino mula sa mga mobile apps. Ginamit din ang pagsusuri sa mga dokumento mula

ETCOR
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
SEC Registration No.: 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

sa mga website ng kumpanya ng Grab, Joyride, Angkas, MoveIt at iba pa na hinanapan ng mga salita o pariralang teknikal na may kinalaman sa serbisyo tulad ng seksyon ng Frequently Asked Question (FAQ), Help Center / Support, Terms and Conditions / Privacy Policy, blog o seksyon ng balita, driver registration portals at user guides o app features. Humango rin ng impormasyon at mga lathalain sa mga mananaliksik sa mga online journal tulad ng Journal of the Eastern Asia Society for Transportation Studies at iba pa.

Nakakalap ng 148 termino na karaniwang ginamit sa apps ng TNVS. Alinsunod sa mga prinsipyo nina Batnag at Petras (2009) hinggil sa pagbuo ng terminolohiya, ginamit ang pag-aaral na ito ng purposive sampling upang matiyak na ang mga salitang isasama sa mungkahing glosaryo ay hango sa mga aktuwal na gumagamit ng rehistro ng TNVS. Ang paggamit ng TDC Corpus Tool ay nangangailangan ng input na "pure" o direkta mula sa sektor. Ang purposive sampling ang sumasala sa "noise" upang ang papasok sa corpus ay ang mga terminong tunay na nagpapayaman sa modernong Pilipino.

**Mga Instrumento sa Pananaliksik**

Sa pananaliksik ginamit ang TDC Corpus Tool bilang pangunahing analytical tool upang sistematikong masuri ang aktuwal na paggamit ng mga termino sa wikang Filipino. Sa pamamagitan ng corpus tool, natukoy kung ang mga terminolohiyang isinama sa glosaryo ay umiiral, ginagamit at may kabuluhan sa mga tekstong Filipino na nagmumula sa iba't ibang diskurso tulad ng balita, akademikong sulatin at online na publikasyon.

Natiyak ang pagpapatunay (validation) ng mga terminolohiya sa pamamagitan ng corpus frequency at paggamit ng konteksto. Ginamit ang corpus frequency upang masukat kung gaano kadalas lumilitaw ang isang terminong TNVS, sa loob ng corpus. Ang mataas na dalas ng paglitaw ng isang termino ay nagsilbing indikasyon na ito ay malawak na ginagamit at tinatanggap sa aktuwal na diskursong Filipino. Samantala, ang mga terminong may mababang frequency ay masusing tinalakay kung angkop pa bang isama sa glosaryo o kung nangangailangan ng karagdagang paglilinaw. Sinuri ang paggamit ng termino sa konteksto sa pamamagitan ng halimbawang pangungusap sa corpus. Sa paraang ito, natukoy ang eksaktong kahulugan, gamit at semantikong saklaw ng bawat termino sa loob ng tunay na komunikasyon. Ang pagsusuring kontekstuwal ay nakatulong upang maiwasan ang maling interpretasyon at upang matiyak na ang inilalarawang depinisyon sa glosaryo ay tumutugma sa aktuwal na gamit ng wika.

**Pangangalap ng Datos**

Ang mananaliksik ay nakakalap ng datos na isinagawa mula Enero 2024 hanggang Disyembre 2024. Sa panahong ito, sistematikong tinipon ang mga terminolohiyang lumitaw sa mga opisyal at di-opisyal na sanggunian ng TNVS upang matiyak ang kasalukuyan at aktuwal na paggamit ng mga termino sa industriya.

Ang mga termino ay kinuha sa mga digital na aplikasyon ng TNVS gaya ng Grab application at iba pang TNVS apps na aktibong ginagamit sa Pilipinas. Mula rito, kinuha ang mga terminong makikita sa mga menu, booking interface, notification at serbisyo ng aplikasyon. Sa mga dokumento at online sanggunian tulad ng opisyal na website ng mga TNVS, mga patakaran at gabay ng LTFRB, at FAQ, terms and conditions at driver/passenger guides. Pinili ang mga dokumentong ito dahil naglalaman ang mga ito ng pormal at teknikal na terminolohiyang ginagamit sa operasyon ng TNVS.

Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng pagtukoy muna sa mga aplikasyong TNVS at dokumentong may mataas na antas ng paggamit at kredibilidad sa Pilipinas. Sistematikong sinuri ang mga interface ng app at mga dokumento upang tukuyin ang mga salitang teknikal, operasyonal at madalas gamitin. Ang mga nakuhang termino ay itinala at inayos sa kategorya ng gamit. Pinili lamang ang mga terminong may malinaw na kahulugan, madalas gamitin at may potensiyal na isama sa mungkahing glosaryo.
.

**Pagsusuri ng Datos**

Sa pamamagitan ng mga nakalap na datos, sinuri ng mananaliksik ang mga ito batay sa napiling saligang teorya upang masagot ang mga inihaing tanong at makapagbigay ng interpretasyon at pag-unawa sa mga terminolohiyang nakalap.

Upang mapanatili ang kaayusan ng mga terminolohiya, gamit ang Leksikograpiyang Teoritikal nina Hartmann at James (1998) sinuri ang bawat termino batay sa anyo, kahulugan, at aktuwal na gamit nito sa larangan ng TNVS. Binibigyang-diin ng teoryang ito ang kahalagahan ng konteksto sa pagbibgay-kahulugan, lalo na sa mga terminong teknikal na ginagamit sa digital na plataporma. Sa ganitong paraan, ang mga termino ay hindi lamang inilista kundi inilarawan batay sa tunay na sitwasyon ng paggamit sa mga aplikasyon at opisyal na dokumento ng TNVS.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
SEC Registration No.: 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Sa huli, gamit ang TDC Corpus Tool, upang malaman ang dalas at gamit ng mga piling terminolohiya ng TNVS. Ginamit ito upang mahanap ang mga salita sa aktuwal na mga teksto. Tinukoy at tinipon ang mga terminolohiya na may kaugnay sa TNVS upang matiyak na ang mga kahulugan sa glosaryo ay tumpak at sumasalamin sa karaniwang paggamit ng mga termino. Ang teknikal na hakbang na ito ay nagbigay ng empirikal na ebidensya sa aktuwal na gamit ng wika sa kalsada kumpara sa pormal na diksyunaryo. Mula sa sistematikong listahan na naglalayong irehistro ang TNVS bilang isang mahalagang domeyn sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino.

**Mga Etikal na Konsiderasyon**

Ang pananaliksik na ito ay nagbigay ng etikal na konsiderasyon sa kahalagahan ng mga kahulugan sa glosaryo upang maging tumpak, kumpleto, at walang pagkiling. Ang datos ay nakolekta mula sa mga dokumento at aplikasyon ng TNVS, at walang direktang kalahok na tao ang kasangkot, kaya't tiniyak na walang pribadong impormasyon ang ginamit. Ang pagsusuri ng terminolohiya ay isinagawa lamang sa paraang akademiko at ayon sa patakaran ng paggamit ng datos, kabilang ang pahintulot mula sa mga platform kung kinakailangan.

Bilang limitasyon, ang datos ay nakabatay lamang sa mga dokumento at corpus output, kaya maaaring hindi masaklaw ang lahat ng terminolohiya sa buong operasyon ng TNVS. Maaaring magkaroon din ng pagkakaiba sa terminolohiya sa iba't ibang platform o bersyon ng aplikasyon. Sa kabila nito, ang sistematikong pagsusuri gamit ang TDC Corpus Tool ay nagbigay ng sapat na empirikal na batayan para sa mungkahing glosaryo ng TNVS sa wikang Filipino.

**RESULTA AT DISKUSYON**

Inilalahad sa bahaging ito ang resulta at interpretasyon ng mga datos batay sa ginawang pagsagot sa mga inilahad na layunin.

**Ano-anong terminolohiya at kahulugan nito ang ginagamit sa Transport Network Vehicle Service batay sa pangangailangan ng drayber at pasahero.**

Ang paggamit ng glosaryo ay mahalaga upang mapanatili ang pagkakapare-pareho at malinaw na komunikasyon sa industriya ng TNVS. Ang glossaryo ay isang listahan ng mga terminolohiya at kahulugan na ginagamit upang maunawaan ang mga teknikal na aspeto ng isang sistema o industriya.

Ang glosaryong ito ay naglalaman ng mga piling termino, teknikal at banyagang salitang karaniwang ginagamit sa konteksto ng TNVS sa Pilipinas. Layunin nitong linawin ang mga salitang maaaring magdulot ng kalituhan sa mga mananaliksik, pasahero, drayber, o opisyal ng pamahalaan na may kinalaman sa TNVS.

Talahanayan 1
Talaan ng mga Terminolohiya na Gamit ng mga TNVS Drayber

| SALITA (DRAYBER) | LEKSIKO-GRAMATIKA (MORPOLOHIYA AT SINTAKS | KAHULUGAN | KUMPANYA NG TNVS | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | GRAB | ANGKAS | MOVEIT | JOYRIDE |
| Acceptance Rate (AR) | png. | Ang porsyento ng mga bookings na tinanggap ng driver kumpara sa kabuuang natanggap na bookings. | √ | √ | √ | √ |
| Accreditation / Akreditasyon | png. | Proseso ng pag-apruba ng LTFRB sa TNC at TNVS upang legal na makapag-operate. | √ | √ | √ | √ |
| Accredited Driver (Aprubadong Tsuper) | png. | Driver na aprubado ng isang TNVS platform at nakarehistro sa LTFRB. | √ | √ | √ | √ |
| Airport Transfer | png. | Isang dedikadong | | | | √ |


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
SEC Registration No.: 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | serbisyo para sa pagbiyahe papunta at mula sa airport, kadalasang gumagamit ng Super Taxi. Mayroon din silang Airport Transfer Lounge sa NAIA Terminal 3. | | | | |
| Algorithm | png. | Ang mga proseso na ginagamit ng app para sa pag-match ng mga driver at pasahero. | √ | √ | √ | √ |
| App Interface | png. | Grapikal na bahagi ng TNVS application kung saan nagaganap ang interaksyon sa user. | √ | √ | √ | √ |
| Application Programming Interface (API) | png. | Ito ay isang set ng mga panuntunan at protocol na nagpapahintulot sa iba't ibang mga application na makipag-ugnayan sa isa't isa. Ginagamit ito para makipag-ugnayan sa mga third-party apps, tulad ng mga navigation apps o mga payment gateways. | √ | √ | √ | √ |
| App/Application | png. | Ang mobile application na ginagamit para sa pag-book ng biyahe. | √ | √ | √ | √ |
| Auto-Accept (Awtomatikong Pagtanggap) | pu. | Setting ng app kung saan awtomatikong tinatanggap ng driver ang booking. | √ | √ | √ | √ |
| Availability score | png. | Ito ay isang puntos na nagpapakita kung gaano kadalas available ang isang driver-partner para sa mga booking. Ang mas mataas na availability score, mas malamang na makakuha ng mga booking ang driver-partner. | √ | √ | √ | √ |
| Base user | png. | Tumutukoy sa mga driver o operator na may nakatalagang home location o base of operations sa isang partikular na lugar, | √ | √ | √ | √ |



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
SEC Registration No.: 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | karaniwang isang lungsod o rehiyon. | | | | |
| Bus | png. | Isa sa mga bagong serbisyo ng JoyRide kung saan pwede kang bumili ng bus tickets sa loob ng app (hal. Victory Liner bus tickets). | | | | √ |
| Cancellation Rate (CR) | png. | Ang porsyento ng mga bookings na kinansela ng driver o pasahero. | √ | √ | √ | √ |
| Cash-out / Pag-withdraw o Pagkuha ng Kita | | Paglipat ng kita mula wallet papunta sa personal bank account ng driver | √ | √ | √ | √ |
| Certificate of Public Convenience (CPC) | png. | Prangkisa o permit na kailangan ng TNVS upang makapag-operate bilang public utility vehicle. | √ | √ | √ | √ |
| Commission | png. | Porsyento ng bayad na kinukuha ng TNVS company mula sa kabuuang kita ng driver. | √ | √ | √ | √ |
| Counter Offer | pd. | Sa ilang apps (hal. inDrive), puwedeng tumawad o magbigay ng sariling presyo ang drayber o pasahero bago kumpirmahin ang biyahe. | | | | |
| Data analytics | png. | Ginagamit ng Grab ang data analytics para masuri ang kanilang mga operasyon at mapabuti ang kanilang mga serbisyo. Halimbawa, maaari nilang gamitin ang data para matukoy ang mga lugar na may mataas na demand, o para masuri ang pagganap ng mga driver-partner. | √ | √ | √ | √ |
| Deactivation | png. | Pagkakatanggal ng access ng driver o sasakyan sa platform dahil sa violation o expiration ng dokumento. | √ | √ | √ | √ |



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
SEC Registration No.: 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
